

EHEKUTIBONG BUOD

Noong 2017, may ipinasa ang Lehislatura ng California na isang batas (Panukalang-batas ng Asembleya 617) na nag-aatas sa mga distrito ng hangin ng estado na makipagtulungan sa mga komunidad na lubos na apektado ng polusyon sa hangin para makagawa ng mga plano sa pagbabawas ng emisyon sa komunidad. Mula 2018, nakipagtulungan na ang Distrito ng Hangin sa mga miyembro ng komunidad mula sa komunidad ng Richmond, North Richmond, at San Pablo - na tinatawag na lugar ng Path sa Malinis na Hangin (Path to Clean Air, PTCA). Ang humigit-kumulang 160,000 residente ng lugar ay naninirahan, nagtatrabaho, at naglalaan ng panahon malapit sa maraming pinagmumulan ng polusyon sa hangin, na kinabibilangan ng oil refining, at iba pang malalaking pang-industriyang negosyo, freeway, rail yard, marine port, at maraming maliliit na pinagmumulan. Ang PTCA ay nanomina ng Distrito ng Hangin at pinili ng Lupon ng Mga Resource ng Hangin sa California (California Air Resources Board, CARB) para gumawa ng Plano sa Pagsubaybay ng Hangin sa Komunidad noong 2018, na nakumpleto noong 2021. Noong 2021, ang lugar ng PTCA ay nanomina ng Distrito ng Hangin at pinili ng CARB para gumawa ng Plano sa Pagbabawas ng Mga Emisyon sa Komunidad. Gumagawa ang resultang Draft na Plano ng PTCA ng path tungo sa patas na pakikipagtulungan sa pagsisikap na mapaganda ang lokal na kalidad ng hangin.

Ang Steering Committee sa Komunidad (Community Steering Committee, CSC) ng PTCA, at ang kinatawan ng mga miyembrong nagtatrabaho, naninirahan, o lumaki sa lugar ng PTCA ang namuno sa paggawa sa Draft na Plano, habang nagbigay naman ang Distrito ng Hangin ng teknikal at pang-logistics na suporta. Tumuong ang mga unang pagsisikap ng CSC at ng Distrito ng Hangin sa pagbuo ng ugnayan at pagbabalanse ng power dynamics. Halimbawa, nagtakda ng mga norm ng CSC sa ilang partikular na subcommittee para maisaprioridad ang boses ng komunidad sa isang “progressive stack” na format, kung saan pinapaunang magsalita sa mga meeting ang mga tao mula sa mga marginalized na grupo. Sa katulad na paraan, hinimok ng proseso ng consensus ng CSC ang komunidad na magpasya sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga lokal na kinatawan ng industriya at ng mga kinatawan ng lungsod at pamahalaan bilang mga hindi bumobotong miyembro. Noong 2023, bumuo ang CSC ng proseso para marebisa ang Charter bilang bahagi ng pag-transition mula sa isang namumunong CSC patungo sa isang CSC na pinangungunahan ng komunidad. Binago ng Ad Hoc sa Pamamalakad ng CSC ang Charter para mas mabigyang linaw ang pahayag ng layunin, makeup ng membership at mga kinakailangan sa pagboto, mga tungkulin at responsibilidad, procedure ng meeting, mga materyales, at paglahok.

Kasabay ng pagbuo ng ugnayan, nagsimula ang CSC at Distrito ng Hangin na sabay na unawain ang mga isyu sa kalidad ng hangin sa lugar. Gumawa ng listahan ng mga alalahanin sa komunidad sa pamamagitan ng input mula sa CSC batay sa iba't ibang pagsisikap sa pakikipag-ugnayan sa publiko, mula sa mga tradisyonal na town hall meeting hanggang sa pag-oorganisa sa komunidad at pagmamapa gamit ang Social Pinpoint kung saan nagbigay ang mga miyembro ng komunidad ng impormasyon tungkol sa mga asset at hamon sa komunidad na partikular sa lokasyon. Nagresulta ang impluwensya ng komunidad sa yugto ng pagtatasa sa matagumpay na paggamit ng mga dati nang social network para makakolekta ng mahigit sa 500 komentong nagdodokumento sa epekto ng hindi magandang kalidad ng hangin, kung saan mga epekto sa kalusugan ng polusyon sa hangin at mga pisikal na reaksyon sa polusyon sa hangin ang mga alalahaning pinakakaraniwang ipinabatid.

Bukod sa mga isyu at pagsubok na tinutukoy ng komunidad, batay ang Draft na Plano ng PTCA sa isang komprehensibong teknikal na pagtatasa. Kinakategorya ng teknikal na pagtatasa ang mga kontribusyon sa polusyon sa hangin - sa usapin ng mga emisyon² at pagkakalantad³ - para sa mga pangunahing pinagmumulan sa bawat lugar gaya ng fuel refining at iba pang pang-industriyang aktibidad; cargo ship, operasyon ng mga rail, at kagamitan sa konstruksyon; movement ng mga produkto at trapiko mula sa mga sasakyan; at mga fireplace at de-gasolinang appliance. Ayon sa mga napag-alaman sa pagtatasa, nag-o-operate nang may mga permit mula sa Distrito ng Hangin ang ilan sa pinakamatitinding emitter ng polusyon. Kina-quantify at tinutukoy ng teknikal na pagtatasa ang mga pollutant, gaya ng fine particulate matter, at ina-attribute nito ang mga pollutant sa bawat isa sa mga pangunahing pinagmumulan; mayroon din itong mga modeled na kontribusyon sa pagkakalantad. Sa pamamagitan ng detalyadong pagtatasang ito, nakagawa ng mga partikular na estratehiya para ma-target ang pinakamatitinding pinagmumulan ng polusyon, kasama ang Chevron Richmond Refinery, at ng mga estratehiya para ma-target ang mga partikular na pollutant, gaya ng fine particulate matter, na partikular na mapanganib dahil sa potensyal nitong magdulot ng cancer, atake sa puso, stroke, at iba pang sakit sa baga.

Ikinodokumento ng kabanata at appendix ng Paglalarawan ng Komunidad ang bumubuong lahi, etnisidad, at socio-economic na komposisyon sa lugar, at sinusuri nito ang mga kahihinatnan sa kalusugan ng mga residente ng PTCA. Sa pangkalahatan, Latinx, Asian, at Black/African American ang mga residente ng PTCA. Sa kabila ng mayamang kasaysayan ng aktibismo laban sa mga operasyon ng fossil fuel at mga inisyatiba sa pangangasiwa ng polusyon sa hangin, mayroon pa ring malalaking pagkakaiba sa kahihinatnan sa kalusugan. Ang mga residenteng may mababang kita at Black/African American ay mas madalas magpunta ng emergency room kumpara sa mga hindi White na residente, may mas malaking posibilidad na pumanaw mula sa stroke at sakit sa puso, at may mas malaking posibilidad na magkaroon ng hika sa mga bata at Black na residente.

Ang matinding problemang dulot ng polusyon at ang mga nauugnay na pagkakaiba-iba sa kalusugan ang nag-udyok sa CSC na gumawa ng mga layunin sa Draft na Plano para makabuo ng mas mahihigpit na patakaran kaugnay ng polusyon sa hangin na nagsusulong na pabutihin at muling pasiglahin ang lipunan, bawasan ang hindi patas na pagkakalantad ng komunidad sa polusyon sa hangin sa pamamagitan ng pagbabawas sa mga nakakalasang emisyon, bigyan ng kapangyarihan ang komunidad, at himukin ang pamahalaan na higpitan ang pagpapatupad ng mga regulasyon sa mga industriyang nagdudulot ng matinding polusyon.

Ang Draft na Plano ng PTCA ay isinulat kasama ng mga miyembro ng CSC.

Ilang buwan ang ginugol ng mga staff ng Distrito ng Hangin at miyembro ng CSC para sumulat ng mga estratehiyang naglalayong makamit ang hinahangad na pagbabago ng komunidad. May iba't ibang estratehiya sa Draft na Plano, mula sa mga praktikal na pagbabago sa procedure hanggang sa mga napakamapangarap at transformative na pagkilos. Sa halip na limitahan ang lawak ng mga estratehiya, kasama sa mga pagkilos ang pagtalakay ng mga limitasyon sa pulitika, pananalapi, at batas at mga posibleng balakid, para mabalanse ang mga inaasahan. Sa ganitong paraan, nagpakilala ang Draft na Plano ng PTCA ng assertive na programa ng mga estratehiya at pagkilos para matugunan ang mga matagal nang kawalan

ng katarungan sa kapaligiran. Kasama sa mga estratehiya ang daan tungo sa "makatuwirang pag-transition" sa ekonomiyang gumagamit ng renewable na enerhiya at pagpapanagot sa industriya ng fuel refining. Kasama sa iba pang estratehiyang idinetalye sa plano ang pag-aalis sa mga pagkakaiba-iba sa kalusugan sa pamamagitan ng pagpapalawak ng pangangalagang pangkalusugan sa mga residente ng PTCA na may mababang kita at pagsuporta ng mga programa para sa garantisadong kita. Maraming iba pang mapangarap na estratehiya sa Draft na Plano ng PTCA at mahalagang makipag-usap at makipagtulungan sa komunidad ng mga negosyante ang Distrito ng Hangin, CSC, at ang iba't ibang partner na ahensya na responsable sa pagpapatupad para matiyak na magtatagal ang pagbabago.

Ang Draft na Plano ng PTCA ay may siyam (9) na kabanata at 11 appendix (tingnan ang nasa ibaba para sa higit pang impormasyon). Ang lahat ng siyam na kabanata ay isinalin sa Spanish at available dito: <https://www.baaqmd.gov/PTCA-CERP>. Puwedeng isalin ang mga kabanata at appendix sa iba pang wikang karaniwang ginagamit sa Bay Area kapag hiniling. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagsasalin, kasama ang mga timeline sa pagtanggap ng mga nakasalang materyales, mag-email sa aqplanning@baaqmd.gov.

Ibinubuod ng **Kabanata 1** ang layunin at saklaw ng Plano, pati ang kasaysayan ng batas ng AB617, ang pagpapatupad nito sa pamamagitan ng ARB, at ang paggamit ng mga resource sa Plano ng PTCA.

Ang **Kabanata 2** ay impormasyon tungkol sa lahat ng miyembro ng Steering Committee ng Komunidad (CSC) na kasama sa paggawa ng Plano, kanilang mga tungkulin, at kanilang mga affiliation.

Ang **Kabanata 3** ay ang hangarin, mga prinsipyo, at layunin ng Draft na Plano ng PTCA. Nagbibigay ng gabay ang framework na ito sa pamamagitan ng mga pangunahing prinsipyo na piniling isama ng mga miyembro ng CSC sa paggawa at pagpapatupad sa Draft na Plano ng PTCA.

Inilalarawan ng **Kabanata 4** ang komunidad ng PTCA, kasama ang kasaysayan ng mga pinagmumulang nauugnay sa industriya, mga port, transportasyon, at iba pang pinagmumulan ng polusyon na nakakaapekto sa komunidad.

Inilalarawan ng Kabanata 5 ang mga pollutant at epekto na pinagtutuunan ng Draft na Plano; fine particulate matter (PM2.5), diesel particulate matter, posibilidad ng cancer, at mga pabalik-balik na epekto sa kalusugan ng mga nakakalasang contaminant sa hangin. Tinatalakay rin nito ang mga pagtatasa sa pagkakalantad, at ipinapakita nito kung aling mga bahagi ng lugar ng PTCA ang pinakaapektado.

Inilalarawan ng **Kabanata 6** ang mga proseso sa pagpapatupad ng Distrito ng Hangin at CARB sa Draft na Plano ng PTCA, pati ang mga iminumungkahing layunin at estratehiya para sa bawat ahensya para mapahusay pa ang mga pagsisikap na ito.

Inilalarawan ng **Kabanata 7** ang mga estratehiyang iminumungkahi ng CSC para maisagawa ang mga layunin ng Draft na Plano. Kakailanganin ng pagkilos mula sa maraming entity, kasama ang CARB, Distrito ng Hangin, Lungsod ng Richmond, Lungsod ng San Pablo, at iba pa. Kasama sa mga iminumungkahing pagkilos ang limang aspeto ng alalahanin sa komunidad: Komersyal at Industriyal, Marine at Rail, Pamublikong Kalusugan at Pagbabawas sa Pagkakalantad, Mga Sasakyan at Truck, Mga Kalye at Freeway, Logistics at Mga Warehouse

("Mobile"), at Fuel Refining. Bukod pa rito, may mga Cross-Cutting na isyu na tumatalakay ng mahigit sa isang paksa: Pagsunod at Pagpapatupad, Paggamit ng Lupa, Pagpapatupad ng CERP ng Resource ng Property, at Urban Greening. Ipinapakita ng kabanatang ito ang Mga Estratehiya at Pagkilos na kinakailangan para maisagawa ang Mga Layunin, at nagbabanggit ito ng detalyadong impormasyong makikita sa appendix.

Ang **Kabanata 8** ay isang pangkalahatang-ideya ng Mga Pambuong-estadong Pagkilos ng Lupon ng Mga Resource ng Hangin sa California, at kung paano nauugnay ang mga ito sa komunidad ng PTCA.

Inilalarawan ng **Kabanata 9** ang mga karagdagang hakbang at istruktura na isasagawa sa yugto ng pagpapatupad ng Plano, pati ang mga paraan para masubaybayan ang pagpapatupad sa mga estratehiya ng Planong ito.

Makikita sa **Mga Appendix** ng Draft na Plano ang lahat ng Pagkilos na nauugnay sa Mga Estratehiya, ang detalyadong teknikal na pagsusuri, mga detalye ng pagpapatupad, impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa komunidad, at iba pang materyales.